Maleta

Gloc-9

Ayoko na sa'yo
Dahil lahat nang sinabi mo'y hindi totoo
Ano ang plano mo?
Kapag lahat ng binali ko'y sagad na sa buto
Pero nakapagtataka
Bakit mahal pa rin kita?
O sadyang nakapagtataka
Dahil mahal pa rin kita

Lumapit kahit na malayo ka
(Ang lahat ay ginawa. Ano nga bang napala? Dito ka sa kanan ako naman ang sa kaliwa)
Kahit kaya pa'y paalam na
(Di ko makakaila kahit na sa kabila ng lahat ay hahanapin ka pa rin sa simul a)
Lumapit kahit na malayo ka
(Ang lahat ay ginawa ano nga bang napala? Dito ka sa kanan ako naman ang sa kaliwa)
Kahit kaya pa'y paalam na
(Di ko makakaila kahit na sa kabila)
Malay mo'y magkita pang muli

Maleta sa pintuan na nakaabang
Damit at mga alaalang syang laman
Mabigat mang buhatin ay aking pasanpasan
Matagal na pinagisipan nang matuklasan
Ang katotohanang di matago Madami nang nagbago
Kahit malayo ay tanaw
Malinaw di malabo
Mahabang listahan ng mga di natupad na pangako
Parang gamogamo sa ganda mo nakakapaso
Nakakasilaw na parang ilaw ng jeep sa kalsada
Di man sigurado ang kita ay namamasada
Parang pagtingin mo sakin
Pwede ka bang kausapin
Di ko sukat akalain mangyayari to sa atin
Ang hirap mong hagilapin
Laging laman ng dalangin
Liham na sanay meron ka pang oras na basahin
Kahit basa na ng luha at ubos na ang tinta
Di ako makapaniwala na mahal pa rin kita

Lumapit kahit na malayo ka
(Ang lahat ay ginawa. Ano nga bang napala? Dito ka sa kanan ako naman ang sa kaliwa)
Kahit kaya pa'y paalam na
(Di ko makakaila kahit na sa kabila ng lahat ay hahanapin ka pa rin sa simul a)
Lumapit kahit na malayo ka
(Ang lahat ay ginawa. Ano nga bang napala? Dito ka sa kanan ako naman ang sa kaliwa)
Kahit kaya pa'y paalam na
(Di ko makakaila kahit na sa kabila)
Malay mo'y magkita pang muli

Bata pa nang makilala ka disiotso anyos
Niligawan kaya di muna ko nakatapos

Malayo mang pagitan pag naiwan humahangos
Mga paang nakagapos sa pawis naghihilamos
Pero naabutan mailap na hayop napaamo
Hawak kamay nilakaran ang lupa sa malalayo
Marami ang nagsabi na hindi raw mangyayari
Na ang isang katulad ko ay ituturing mong hari at iyong mundo
Lahat ng hirap ko'y napawi
Kahit magulo, ilawan ng mga kamay hinawi
Sa tagal ng pinagsamahan
Dalawampung taon ikaw ang nagpaalala sakin
Sino ako noon at ano ang meron nang aking mapuno ang balon
At mga bangin na ako pa lamang ang tumalon
Kaya kahit basa na ng luha at ubos na ang tinta
Di ako makapaniwala na mahal pa rin kita

Ayoko na sayo
Dahil lahat ng sinabi mo'y hindi totoo
Ano ang plano mo?
Kapag lahat ng binali ko'y sagad na sa buto
Pero nakapagtataka
Bakit mahal pa rin kita
O sadyang nakapagtataka
Dahil mahal pa rin kita

Lumapit kahit na malayo ka
(Ang lahat ay ginawa. Ano nga bang napala? Dito ka sa kanan ako naman ang sa kaliwa)
Kahit kaya pa'y paalam na
(Di ko makakaila kahit na sa kabila ng lahat ay hahanapin ka pa rin sa simula)
Lumapit kahit na malayo ka
(Tama na ang salita. Sino ang may napala? Dito ka sa kanan ako naman ang sa kaliwa)
Kahit kaya pa'y paalam na
(Di ko makakaila kahit na sa kabila)
Malay mo'y magkita pang muli

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!